

Ang Prepekturang Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now"sa pamamagitan ng pag record ng mga finig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani kanilang pag sisikap para makabangon matapos maganap ang sakuna, kahit na sa pama-magitan ng palitang panginternasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon.Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.

Voices from Fukushima

Sa pamamagitan ng Tono Washi ay pasiglain ang Fukushima Sylvia Gallagher

(Galing ng New Zealand • Wellington at kasalukuyang naninirahan sa lungsod ng Iwaki)

Noong Oktubre 2019, ay nag-umpisang magtrabaho si Sylvia Gallagher bilang miyembro ng samahang Iwaki chiiki okoshi kyoryoku-tai (Local vitalization Cooperator). Layunin niyang tumulong para makabangon ang bayan ng Tono sa pamamagitan ng pag gawa ng local traditional craft, Tono Washi (Tradisyonal na papel ng Hapon). Gusto niyang ipakilala sa buong mundo ang Fukushima, at siya ay gumawa din ng larawang libro na gawa sa Tono Washi. (Petsa ng panayam: Disyembre 26,2019)



- Paki paliwanag ninyo sa amin kung anong klase ng trabaho ang iyong ginagawa?

Sa Iwaki, kasalukuyang gumagawa ako ng Tono Washi kasabay na rin ang pagtulong ko na makabangon ang komunidad ng bayang Tono. Kamakailan, ay naging abala din ako sa pag gawa ng graduation certificate ng paaralan.

- Ano ang Tono Washi?

Ang Tono Washi ay Tradisyonal na papel ng Hapon na gawa sa kamay(handmade). Ito ay binubuo ng paper mulberry, halamang gawa sa bayan ng Tono. Gumagawa kami ng papel na Washi sa pamamagitan ng pag lalaga at pag papatuyo ng mulberry paper ng maraming beses. Kasalukuyan ay kakaunti na lang ang lugar sa prepektura na gumagawa ng Washing paper sa ganitong paraan.

- Ano ang pinakamahirap sa pag gawa ng Washi paper?

Para sa akin ang pinakamahirap na gawain ay ang pag aalis ng maitim na parte mula sa mulberry's paper, ang pag gawa ay tinatawag na chiri-tori. Para

maging maputi ang papel ay kinakailangan naming tanggalin ang maraming maitim na parte sa pamamagitan ng kamay at ito ay nangangailangan ng maraming oras.

- Puwede bang kuwentuhan mo kami tungkol sa iyong larawang libro?

Isa sa kaibigan ko ang namamahala sa pag gawa ng istorya at ako naman ang namamahala sa ilustrasyon. Ito ay inumpisan namin ng mag umpisa akong magtrabaho dito sa pag gawa ng washi naisipan kong gumawa ng libro na gawa sa washing paper. Ang larawang libro ay malapit ng matapos kaya ang kaibigan kong nasa England ay kasalukuyang naghahanap ng kompanya na puwedeng mag publish.

- Ano ang istorya ng larawang libro?

Ang pinaka pangunahing kuwento ay tungkol sa isang kabayo na gustong bumalik sa sariling bayan. Isina salarawan ng libro ang mga lugar na dinaanan ng tsunami at ang mga lugar na malapit sa nuclear power plant.

Ang huling parte ng biro ay mensahe na magbibigay ng pagasa sa mga mambabasa.

- Paki paliwanag ang pinakapangunahing punto ng larawang libro?

Dahil sa aksidenteng naganap sa nuclear power plant, mayroong lugar sa Fukushima kung saan ang mga mamamayang dating naninirahan ay kasalukuyang hindi puwedeng manirahan muli at mayroon ding lugar na normal lang na mamuhay at manirahan. Gusto kung ipaalam sa buong mundo na kahit ganito ang sitwasyon sa bawat lugar ay, maraming mga katao ang patuloy na sumasali sa iba't ibang mga aktibidadis. Noong isinusulat ko ang librong ito ay, pinuntahan ko at inaalam ang mga lugar na ipinagbabawal na puntahan malapit sa Daiichi Nuclear Power Plant.

- Simula ngayon ano naman ang gusto mong gawin?

Sa hinaharap gusto kung subukan ang pag waga ng washi paper sa iba't ibang paraan. At inaanyayahan ko kayong lahat na bumisita at malasina kung gaano mamumukod at unique ang habi (texture) ng Tono Washi

Yoga sa wikang Intsik (Lunsod ng Aizu-Wakamatsu)

Ang Pandaigdigang Asusasyon ng Aizu-Wakamatsu ay naglunsad ng “Mag Yoga sa wikang Intsik” ginanap noong ika-20 ng Disyembre. Ito ang huling araw sa may 6 na beses at pagkatapos ng yoga ay nagkaroon din ng workshop ng Chinese tea. Ang mga partisipante mula sa Hapon, Intsik, Malaysia at Vietnam ay kalugod lugod na nagpalipas ng oras sa bawat isa. Ang nagturo ng yoga at Chinese tea ay si Miss Feiyu Li ay nag wika na “anim na beses akong mag turo sa event na ito at kalugod lugod kong naisagawa ang yoga kasama na ang partisipasyon ng bawat isa.



Rwanda Photo Exhibition sa lunsod ng Fukushima

Ang asusasyon ng Isipin natin ang Edukasyon ng Rwanda ay naglunsad ng Rwanda photo exhibition noong Enero 6 ~ Enero 11. Noong ginanap ang presentasyon tungkol sa aktibidadis ng organisasyon ay, ipinahayag na ang kabataan ng Chiba ay magkakaroon ng karanasan na manirahan sa Rwanda. Ng ginaganap ang event ay marami ang bumisita at nagkaroon ng interes sa kape na gawa sa Rwanda at mga bagay na ibenebenta at nabibili.



Klase ng wikang Hapon Bagong Taong party sa lunsod ng Fukushima

Fukushima Immigrant Women Support Network (EIWAN) ay organisasyon na tumutulong sa mga kababaehang galling sa ibang bansa sa pamamagitan ng mga aktibidadis tulad ng pag-aaral ng wikang Hapon, klase ng pamanang wika at suporta para sa mga dayuhang estudyante nanag-aaral sa paaralan. Noong Enero 11, ang dayuhang residente mula sa klase ng wikang Hapon ay nag tipon para ipagdiwang ng Bagong Taon. Ang mga pagkain dala ng mga nagsidalo mula sa iba't ibang bansa natinatawag na potluck party. Nagkaroon ng masayang usap-usapan tungkol sa pagpapaliwanag ng pagkaing dala ng bawat isa habang nagsisikain.



Impormasyon para sa pag susumikap makabangon buhat sa “Fukushima Restoration Station” iba’t ibang wika

Sa Fukushima Prefectures official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site “Fukushima Restoration Station” ay naglunsad ng pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidadis ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 10 na wika. <http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/>

Magkakaroon na ngayon ng 11 wika

- Tanggapan sa pagtulong para sa mga dayuhang residente -

Hapon • Ingles • Intsik • Koreano • Tagalog • Portugese • Vietnamese • Thai • Nepal • Indonesia • Espanyol

**Lingo-linggo mula Martes~Sabado
alas 9:00 a.m~5 : 15 p.m.**

Paki padala po ang inyong comments o panukala

Ikinagagalak po naming marinig ang inyong opinyon o panukala. Paki padala po ang impormasyon tungkol sa paksa na gusto ninyong ipahayag o kaya naman ay impormasyon tungkol sa mga taong gustong mainterview.



Tagapaglathala

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎ 024-524-1315 📠 024-521-8308

✉ info@worldvillage.org

🌐 <http://www.worldvillage.org>

Facebook <https://www.facebook.com/fiainfo>

Twitter https://twitter.com/fia_info